**Republika ng Pilipinas**
**Sangguniang Panlungsod**
**Lungsod ng Maynila**

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 83

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 432
## Serye ng 2023

**KAPASIYAHAN** NA HUMIHIKAYAT SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MAYNILA SA PANGUNGUNA NG ATING PUNONG LUNGSOD, KAGALANG-GALANG MARIA SHEILAH "HONEY" H. LACUNA-PANGAN, MD, FPDS, NA MAPAG-ARALAN KUNG PAANO MAITATAAS ANG KAPASIDAD NG PAMANTASAN NG LUNGSOD NG MAYNILA AT NG UNIVERSIDAD DE MANILA NA TUMANGGAP NG KARAGDAGANG MAG-AARAL MULA SA KASALUKUYAN NITONG KAPASIDAD

MGA MAY AKDA: **KGG. RICARDO "BOY" A. ISIP, JR,** KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya, **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO,** Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo

SAPAGKAT, sa huling nagdaang dami ng aplikanteng mag-aaral noong nakaraang pagpapatala, iilan lamang ang nabigyan ng pagkakataong makapagaral sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (PLM) at Universidad de Manila (UdM) kumpara sa dami ng bilang ng sumubok makapasok sa nasabing paaralan;

SAPAGKAT, libu-libong mag-aaral sa Lungsod ng Maynila ang nagsisipagtapos ng Senior High School taun-taon na naghahanap ng paaralang tatanggap sa kanila upang maipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral hanggang makapagtapos ng kolehiyo;

SAPAGKAT, ang ganitong suliranin ng lungsod pagdating sa kakulangan ng dami ng mag-aaral na tinatanggap sa pampublikong kolehiyo ay taun-taon na lamang nating nararanasan ilang dekada na ang nagdaan, sa makatuwid ay nangangailangan ng kaukulang atensyon at pagkalinga;

SAPAGKAT, ilan sa mga kababayan nating mag-aaral na hindi nabiyayaan makapasok sa PLM at UDM ay nauuwi na lamang sa paghinto sa pag-aaral bunsod ng kahirapan ng buhay;

SAPAGKAT, ang pagtutulungan at sama-samang pag-aaral, pagpaplano at pagpapatupad ng mga hakbangin at sistema kasama ng paglalaan ng pondo para dito ay isang malaking bagay na magdudulot ng pagbabago sa kapasidad o dami ng mga mag-aaral sa lungsod na mapag-aral nito ang kanyang mga mamamayan: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa Pamahalaang Lungsod ng Maynila sa pangunguna ng ating Punong Lungsod, Kagalang-galang Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, na mapag-aralan kung papaano maitataas ang kapasidad ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila at ng Universidad de Manila na tumanggap ng karagdagang mag-aaral mula sa kasalukuyan nitong kapasidad; at MANGYARING MULI

IPASIYA, na ang sipi ng Kapasyahang ito ay ipadala sa tanggapan ng Punong Lungsod Kagalang-galang Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, MD, FPDS, ang Pamantasan ng Lungsod ng Maynila at ang Universidad De Manila.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 19 ng Setyembre 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs